

Mga Madalas Itanong:

Ang Orange County Power Authority ay isang lokal na pinapamahalaang not-for-profit na provider ng Community Choice Energy (CCE) na naghahatid sa mga negosyo at residente ng Orange County ng mas malinis na enerhiya sa mga competitive na rate.

- **Ano ang mga provider ng Community Choice Energy at paano ito nagsimula?**

Noong 2002, pinayagan ng Lehislatura ng Estado ng California ang mga lungsod at county na mag-procure ng kuryente para sa mga customer sa kani-kanilang hurisdiksyon. Ang mga CCE ay mga programa na nagbibigay-daan sa mga lokal na pamahalaan na bumili ng renewable na enerhiya sa ngalan ng kanilang mga komunidad, habang nakakatanggap pa rin ng serbisyo sa transmission at pamamahagi mula sa Southern California Edison (SCE).

May 24 na CCE na tumatakbo sa California, na nagseserbisyo sa mahigit 11 milyong customer sa 200 komunidad. Pagsapit ng 2025, inaasahang 85% ng California ang pagseserbisuhan ng mga CCE.

- **Ano ang Orange County Power Authority?**

Bilang lokal na pinapatakpong not-for-profit na Joint Powers Authority, ang Orange County Power Authority (OCPA) ay naghahatid ng mas malinis na enerhiya sa kasalukuyan at isang pamana para sa mga susunod na henerasyon. Ang OCPA ay isang CCA na naglalayong maghatid ng mas malilinis na opsyon sa renewable na enerhiya sa mga competitive na rate, at mag-invest sa mga makabagong programa na mapapakinabangan ng mga residente, negosyo, kapaligiran, at ekonomiya sa ating mga komunidad.

Kapag nag-enroll sa OCPA ang mga customer, makakatulong sila sa lokal na pagkontrol sa mga pasya sa pag-procure ng kuryente, bawasan ang carbon footprint na nauugnay sa kanilang serbisyo sa kuryente, at suportahan ang paglago ng mga lokal na renewable na proyekto. Sa halip na magbigay ng kita sa mga investor, puwedeng gamitin ang net na kita ng OCPA (pagkatapos ibawas ang mga gastusin sa buying power at pangangasiwa) para gawing stable ang mga presyo ng kuryente, magbigay ng mga incentive para sa mga solar installation, suportahan ang mga programa sa efficiency ng enerhiya, at mag-develop ng mas maraming lokal na mapagkukunan ng renewable na enerhiya sa at malapit sa Orange County. Sa pamamagitan nito, mananatiling competitive ang mga rate ng kuryente at magagawa ng OCPA na mag-invest sa mga makabagong malinis na teknolohiya at pagsasanay sa trabaho na nauugnay sa enerhiya.

- **Paano ito gumagana?**

Ang OCPA ay bumibili ng renewable na enerhiya (na tinatawag ding **Generation**), at nakikipagtulungan sa SCE na naghahatid sa kuryente gamit ang kanilang dati nang imprastruktura ng linya ng kuryente. Mananatili sa SCE ang lahat ng transmission, delivery, pagbabasa ng metro, at pagsingil (na tinatawag ding **Transmission/Delivery**).

- **Aling mga komunidad sa Orange County ang nakikilahok sa kasalukuyan?**

Ang mga miyembrong ahensya sa kasalukuyan ay ang Buena Park, Fullerton, Huntington Beach, Irvine, at ang mga unincorporated na lugar sa Orange County.

- **May magagawa ba ang mga customer kaugnay nito?**

Oo naman! Mapipili ng lahat ng customer kung gaano karaming renewable na enerhiya ang ipapa-procure nila sa kanilang ngalan. Sa pagsali sa isang CCE, puwedeng pumili ang lahat ng miyembrong ahensya ng programa sa pag-enroll ng customer na pinakanaaangkop sa kanilang lokal na komunidad.

Pagkatapos, puwedeng pumili ang mga customer ng OCPA sa sumusunod na 3 programa:

- 100% Renewable Choice plan. Ang plan na ito ay \$0.015 mas mahal para sa bawat kWh.
- Smart Choice na nagbibigay ng 69% renewable na enerhiya. Ang plan na ito ay \$0.01 mas mahal para sa bawat kWh.
- Basic Choice na nagbibigay ng 38% renewable na enerhiya, na kasalukuyang nakatakda para tapatan ang binabayaran ng mga customer para sa Mga Generation Charge ng SCE. Mapipili ng mga customer na manatili sa programa sa pag-enroll, gumawa ng pagbabago, o mag-opt out sa OCPA at manatili sa SCE para sa parehong generation at transmission/delivery.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong lokal na hurisdiksyon, bisitahin ang aming website sa ocpower.org. Bukod pa rito, ang aming online na Calculator para sa Paghahambing ng Rate sa website ay makakatulong sa mga customer na gumawa ng may-kabatirang pasya.

- **Bakit awtomatikong ine-enroll ang mga customer sa programa ng CCE?**

Dati nang itinalaga ang mga utility na pag-aari ng investor bilang default na provider ng serbisyo para sa mga customer sa kanilang mga hurisdiksyon. Ang default na pagtatalagang ito ay para sa Generation, at Transmission/Delivery. Noong 2002 sa Assembly Bill 117, pinayagan ng Lehislatura ng Estado ng California ang mga lungsod at county na mag-procure ng kuryente para sa mga customer sa kani-kailang pinagseserbisyuhang lugar, at binago nito ang default para sa Pag-generate ng enerhiya at ginawa itong CCE, habang nananatili pa rin sa Utility na Pag-aari ng Investor ang Transmission at Delivery. Dapat sumunod sa mandatong ito ng estado ang parehong OCPA at SCE, pero ngayon, may opsyon na ang mga customer sa ilalim ng Generation! Sa ilalim ng Transmission/Delivery, mananatili ang mga customer sa iisang default na provider.

- **Magbabago ba ang pagiging maaasahan ng grid sa ilalim ng business model ng Community Choice Energy (CCE)?**

Walang magbabago sa pagiging maaasahan ng grid, at mangyayari ang pag-disperse ng enerhiya anuman ang pinagmumulan ng enerhiya. Ganap pa ring imementina ng California Independent System Operator (CAISO) ang dami ng enerhiya na nilalabas ng grid. Kung makakaranas ka ng outage ng serbisyo, sa SCE ka pa rin mag-uulat.

- **Ano ang mga benepisyo ng paglahok at pagsuporta sa aking lokal na CCE?**

Habang pinag-iisipan mo ang mga opsyon at ang mga sarili mong layunin sa carbon neutrality, mahalagang tandaan na sa pagpapasyang lumahok sa OCPA, mabibigyang-daan ang mga sumusunod:

- Higit pang lokal na kontrol sa pag-generate ng enerhiya na nagseserbisyo sa mga miyembrong komunidad
- Kumpetisyon sa energy market, na wala bago ito
- Suporta sa mga lokal na proyekto sa enerhiya
- Pag-develop ng lokal na workforce
- Reinvestment ng pondo sa mga bagong incentive at programa para masuportahan ang lokal na pangangailangan

NEM SOLAR:

- **Paano ito gumagana sa aking solar panel system?**

Kung mayroon kang mga naka-install na solar panel, susubaybayan ng iyong mga metro ng kuryente kung gaano karami ang kuryenteng ginagamit mo mula sa grid at kung gaano kalaki ang surplus na ipinapadala mo sa grid kada buwan. Tinatawag na 'net na enerhiya' ang kaibahan ng enerhiyang pino-produce mo sa enerhiyang ginagamit mo mula sa grid. Ipinapakita ang net na enerhiya sa bill bilang negatibong paggamit kapag isa kang net generator (kapag mas marami kang nage-generate na kuryente kaysa sa ginagamit mo), o positibong paggamit kapag isa kang net consumer (kapag mas marami kang ginagamit na kuryente kaysa sa nage-generate mo). Awtomatikong sinusubaybayan ng SCE ang iyong net na enerhiya at kine-credit o sinisingil ka nito nang naaayon kada buwan depende sa iskedyul ng iyong rate.

- **Paano gumagana ang OCPA sa aking regular na pagsingil at Taunang True-Up?**

Bawat buwan, tinitingnan ng OCPA ang nage-generate at nakokonsumo mong kuryente. Kung mas malaki ang nakonsumo mo kaysa sa na-generate mo, hindi ka makakatanggap ng malaking taunang sopresang bill dahil buwanan ang pagbabalanse at pagsingil ng OCPA sa mga account ng customer ng NEM. Gayunpaman, kung mas malaki ang na-generate mo kaysa sa nakonsumo mo, makakakita ka ng credit (credit sa bill) sa iyong buwanang bill na iba-bank at gagamitin para i-offset ang anumang singil sa hinaharap sa mga susunod na yugto ng pagsingil. Kapag mas maraming na-produce na enerhiya ang iyong system kaysa sa ginagamit mo sa loob ng 12 buwan, babayaran ka ng OCPA para sa pagdaragdag ng malinis na kuryente sa lokal na grid gamit ang Net Surplus Compensation (NSC). Muli, ang NSC ng OCPA ay 10% mas malaki kaysa sa rate ng NSC ng SCE noong Abril! Itu-true up ng OCPA ang lahat ng customer kada taon tuwing Abril, sa halip na sa isang natatanging petsa para sa bawat customer. Sa True Up tuwing Abril, makikinabang ang aming mga customer ng solar na enerhiya sa kanilang programa ng NEM sa tag-init, kapag nakapag-generate ng sobrang credit, at makikinabang sila sa taglamig, kung kailan kadalasan ay nauubos ang mga credit na iyon.

- **Paano gumagana ang programa ng NEM ng OCPA?**

Sa halip na singilin ka nang isang beses sa isang taon at magdulot ng pagkabahala sa isang malaking bill ng true-up, ang anumang net na pagkonsumo sa isang partikular na buwan ay sasaklawin ng iyong mga credit sa NEM o sisingilin sa iyo bawat buwan. Paalala: Patuloy kang papadalhan ng SCE ng taunang bill ng true-up para sa mga singil sa delivery (na para sa transmission, delivery, pagbabasa ng metro, at pagsingil). Premium na taunang rate ng Net Surplus Compensation (NSC): Bilang pasasalamat sa pagiging taunang net na producer ng malinis na renewable na kuryente, **nakatakda ang rate ng NSC ng OCPA sa 10% mas mataas sa rate ng NSC ng SCE noong Abril.**

8/1/2022

- **Kailan magsisimula ang serbisyo?**

Magkakaroon ng mga phase ang residensyal na pag-enroll sa NEM simula sa Oktubre 2022. Ibabatay ang iyong petsa ng pag-enroll sa NEM ng OCPA sa iyong taunang true-up. Tingnan ang mga chart sa ibaba o tumawag sa (866) 262-7693 para matuto pa tungkol sa petsa ng phase ng iyong pag-enroll.

- **Kapag mayroon akong system ng renewable na enerhiya at isa akong customer ng OCPA, ano ang mga opsyon ko?**

Mapipili ng lahat ng customer kung gaano karaming renewable na enerhiya ang ipapa-procure nila sa kanilang ngalan.

Puwedeng pumili ang mga customer ng OCPA sa sumusunod na 3 plan:

Mapipili ng mga customer na manatili sa plan ng pag-enroll, gumawa ng pagbabago, o mag-opt out sa OCPA at manatili sa SCE para sa parehong pag-generate at transmission/delivery.

- 100% Renewable Choice plan
- Smart Choice na nagbibigay ng 69% renewable na enerhiya
- Basic Choice na nagbibigay ng 38% renewable na enerhiya

Saan ako makakakuha ng higit pang impormasyon?

Bisitahin ang website sa ocpower.org o tumawag sa iyong lokal na Kinatawan ng OCPA.

Irvine:

Andrea Warner

949.767.8717

awarner@ocpower.org

Buena Park, Huntington Beach, Fullerton:

Andrew Diovanna

949.767.8718

adigiovanna@ocpower.org